



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG
ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 25, 1997, QANAP NA
IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY LITTLE TANAUAN, ROXAS, SIL. MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batios
Kagawad Ferdinand V. Talam
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Baway, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Ramulfo C. Bernal
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 058
Taong 1997

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUPIBONG PASASALAMAT
SA SANGGUNIANG BARANGAY NG LITTLE TANAUAN AT SA
MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA
SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GI-
NANAP SA NASADING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro minsan
sa isang buwan ay naglalaran ng kanilang sesyon sa mga
barangay;

SAPAGKA'T ang huling sesyon sa buwang ito ay ginanap sa Barangay
Little Tanauan ngayong Agosto 25, 1997;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang
Barangay ng Little Tanauan, gayundin ang mga mamamayang
nagpahis na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan
na rin ng pakikipag-diwalogo sa sangguniang bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng
pamunahang barangay ng Little Tanauan at ng mga mamamayan
nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng mala-
wak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaun-
laran kung saan ang bawat mamamayan, namuno man o taga-
sunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa
maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Little Tanauan sa bu-
mubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pag-
pupulong ngayong Agosto 25, 1997.

[Handwritten signature]

[Handwritten signature]


DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Batios na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Little Tanauan at sa mga mamamayan nito ang taunpusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at Staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Agosto 25, 1997.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Little Tanauan, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Tomas Canubas, Jr., Punong Barangay para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: Agosto 25, 1997


PINATUTUMAYANG WASTO:


VIOLETA F. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


GERACIO I. YASON
Punong-Bayan

merz/
082697